# FACT SHEET PARA SA MGA TATANGGAP AT TAGAPAG-ALAGA TUNGKOL SA PFIZER-BIONTE CH COVID-19 VACCINE (2024-2025 NA PORMULA) NA MAYROONG AWTORISASYON SA PANG-EMERHENSIYANG PAGGAMIT (EMERGENCY USE AUTHORIZATION, EUA) UPANG MAIWASAN ANG CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19) NG MGA INDIBIDWAL NA 6 NA BUWAN HANGGANG 11 TAONG GULANG

Inaalok ang iyong anak ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (2024-2025 na Pormula)[1] upang maiwasan ang coronavirus disease 2019 (COVID-19), na dulot ng virus na SARS-CoV-2.[2] Ang Fact Sheet na ito ay naglalaman ng impormasyon upang matulungan kang maunawaan ang mga panganib at benepisyo ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (2024-2025 na Pormula), na mula ngayon ay tinutukoy bilang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine, na maaaring matanggap ng iyong anak dahil mayroong isang pandemya ng COVID-19 sa kasalukuyan. Kausapin ang tagapaglaan ng pagbabakuna ng iyong anak kung mayroon kang mga katanungan.

Maaaring nirebisa ang Fact Sheet na ito. Para sa pinakabagong Fact Sheet, pakitingnan ang https://www.covidvaxoption.com/.

Ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) ay nag-isyu ng Awtorisasyon sa Pang-emerhensiyang Paggamit (EUA) para maaaring makakuha ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine sa panahon ng pandemya ng COVID-19 (para sa higit pang mga detalye tungkol sa isang EUA, pakitingnan ang “**ANO ANG ISANG AWTORISASYON SA PANG-EMERHENSIYANG PAGGAMIT?** ” sa dulo ng dokumentong ito). Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay hindi isang bakunang inaprubahan ng FDA sa Estados Unidos. Basahin ang Fact Sheet na ito para sa impormasyon tungkol sa Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine.

## ANO ANG COVID-19?

Ang COVID-19 ay dulot ng isang coronavirus na tinatawag na SARS-CoV-2. Maaari kang makakuha ng COVID-19 sa pamamagitan ng malapit na pakikipag-ugnayan sa ibang taong mayroong virus na ito.

---

[1] Ine-encode ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (2024-2025 na Pormula) ang spike protein ng SARS-CoV-2 Omicron variant lineage na KP.2.

[2] Kung immunocompromised ang iyong anak at pagtuntong niya mula 11 patungo sa 12 taong gulang sa panahon ng serye ng pagbabakuna para sa mga indibidwal na immunocompromised, maaari mong matanggap ang Fact Sheet na ito dahil inaalok ang iyong anak ng COMIRNATY (COVID-19 Vaccine, mRNA) (2024-2025 na Pormula) (mula ngayon ay tinutukoy bilang COMIRNATY). Ang COMIRNATY ay isang bakunang inaprubahan ng FDA para sa pag-agap ng COVID-19 sa mga indibidwal na 12 taong gulang at mas matanda pa na awtorisado sa ilalim ng EUA na kumpletuhin ang iskedyul ng dosis para sa mga immunocompromised na indibidwal na tutuntong mula 11 taon patungo sa 12 taong gulang sa panahon ng serye ng pagbabakuna. Sa ilalim ng awtorisadong iskedyul ng dosing, ang mga indibidwal na ito ay tumatanggap ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine bago sila sumapit ng 12 taong gulang, at kukumpletuhin ang serye ng pagbabakuna na may COMIRNATY sa o pagkatapos ng petsa na ang indibidwal ay magiging 12 taong gulang. Ang iskedyul ng dosing ay: Dosis 1: Linggo 0; Dosis 2: Linggo 3; Dosis 3: >4 na linggo pagkatapos ng Dosis 2. Ang impormasyon sa Fact Sheet na ito tungkol sa Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine—kabilang ang impormasyon tungkol sa mga benepisyo, panganib, at mga sangkap ng bakunang iyon—ay nalalapat din sa paggamit ng iyong anak ng COMIRNATY, maliban kung may kinalaman sa iskedyul ng dosing at mga edad na awtorisadong gumamit nito.

Higit sa lahat, ito ay isang sakit sa respiratoryo na maaaring makaapekto sa iba pang mga organo. Ang mga taong mayroong COVID-19 ay nag-ulat ng isang malawak na hanay ng mga sintomas, mula sa banayad na mga sintomas hanggang sa malubhang sakit na humahantong sa kamatayan. Maaaring lumitaw ang mga sintomas 2 hanggang 14 na mga araw pagkatapos ng pagkakalantad sa virus. Maaaring kabilang sa mga sintomas ang: lagnat o panginginig; ubo; pangangapos ng hininga; pagkapagod; pananakit ng kalamnan o katawan; sakit ng ulo; bagong pagkawala ng lasa o amoy; pamamaga ng lalamunan; kasikipan o tumutulong sipon; pagduruwal o pagsusuka; pagtatae.

## ANO ANG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?

Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay isang bakuna na gagamitin sa mga indibidwal na 6 na buwan hanggang 11 taong gulang upang maiwasan ang COVID-19. Awtorisado ng FDA ang pang-emerhensiyang paggamit ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine sa ilalim ng EUA.

Maaaring hindi maprotektahan ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ang lahat ng tao.

## ANO ANG DAPAT MONG BANGGITIN SA TAGAPAGLAAN NG PAGBABAKUNA BAGO MAKUHA NG IYONG ANAK ANG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?

Sabihan ang tagapaglaan ng pagbabakuna tungkol sa lahat ng mga medikal na kalagayan ng iyong anak, kabilang kung ang iyong anak:

- ay mayroong mga anumang alerhiya
- ay nagkaroon ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) o pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso)
- ay mayroong isang lagnat
- ay mayroong karamdaman sa pagdurugo o gamit ang isang blood thinner
- ay immunocompromised o gamit ang isang gamot na nakakaapekto sa immune system
- ay buntis
- ay nagpapasuso
- ay nakatanggap ng isa pang bakuna laban sa COVID-19
- kailanman ay nahimatay kasabay ng isang iniksiyon

## PAANO IBINIBIGAY ANG BAKUNA?

Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay ibinibigay bilang iniksiyon sa kalamnan.

**<u>Mga Indibidwal na 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang</u>**

- **Mga indibidwal na hindi nabakunahan:** Tatlong dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ang ibinibigay sa loob ng hindi bababa sa 11 linggo. Ang unang 2 dosis ay ibinibigay sa pagitan ng 3 linggo. Ang ikatlong dosis ay ibinibigay nang hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos ng pangalawang dosis.
- **Mga indibidwal na nakatanggap ng 1 nakaraang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine:** Dalawang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ang ibinibigay. Ang unang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay ibinibigay 3 linggo pagkatapos ng nakaraang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine at ang pangalawang dosis pagkaraan nang hindi bababa sa 8 linggo.

- **Mga indibidwal na nakatanggap ng 2 o higit pang nakaraang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine[3]:** Ang isang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay ibinibigay nang hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos ng huling nakaraang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine.

**Mga Indibidwal na 5 hanggang 11 taong gulang**
Ang isang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay ibinibigay sa mga indibidwal na hindi nakatanggap ng bakuna laban sa COVID-19 (2024-2025 na Pormula). Dapat kang maghintay ng hindi bababa sa 2 buwan mula sa iyong huling dosis ng anumang bakuna laban sa COVID-19.

**Immunocompromised na mga indibidwal na 6 na buwan hanggang 11 taong gulang**
Maaaring mayroong ibigay na mga karagdagang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine. Para sa higit pang impormasyon, kausapin ang tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

## SINO ANG HINDI DAPAT MAKAKUHA NG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?

Ang iyong anak ay hindi dapat kumuha ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine kung mayroon silang:
- isang matinding alerhiya pagkatapos ng nakaraang dosis ng anumang Pfizer-BioNTech COVID-19 vaccine
- isang matinding alerhiya sa anumang sangkap sa mga bakunang ito.

## ANO ANG MGA SANGKAP SA BAKUNA NA ITO?

Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay naglalaman ng mga sumusunod na sangkap: messenger ribonucleic acid (mRNA), mga lipid (((4-hydroxybutyl)azanediyl)bis(hexane-6,1-diyl)bis(2- hexyldecanoate), 2 [(polyethylene glycol)-2000]-N,N-ditetradecylacetamide, 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine, at cholesterol), tromethamine, tromethamine hydrochloride, at sucrose. Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine na gagamiting sa mga indibidwal na 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay naglalaman din ng sodium chloride.

## GINAMIT NA BA NOON ANG BAKUNA NA ITO?

Milyun-milyong indibidwal na 6 na buwang gulang at mas matanda pa ang nakatanggap ng Pfizer-BioNTech COVID-19 vaccine sa ilalim ng EUA.

Sa isang klinikal na pagsubok, humigit-kumulang 1,200 na mga indibidwal na 6 na buwan hanggang 23 buwang gulang, humigit-kumulang 1,800 na mga indibidwal na 2 hanggang 4 na taong gulang, at humigit-kumulang 3,100 na mga indibidwal na 5 hanggang 11 taong gulang ang nakatanggap ng hindi bababa sa 1 dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (Orihinal na monovalent[3]). Sa isa pang klinikal na

---

[3] Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (Orihinal na monovalent) ay tumutukoy sa Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine na nag-e-encode sa spike protein ng Orihinal na SARS-CoV-2 lamang. Ang bakunang ito ay hindi na awtorisadong gagamitin sa Estados Unidos.

pagsubok, humigit-kumulang 23,000 na mga indibidwal na 12 taong gulang at mas matanda pa ang nakatanggap ng hindi bababa sa 1 dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (Orihinal na monovalent).

Sa mga klinikal na pagsubok, 60 na mga indibidwal na 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang, 113 na mga indibidwal na 5 hanggang 11 taong gulang, 107 na mga indibidwal na 12 hanggang 17 taong gulang, 103 na mga indibidwal na 18 hanggang 55 taong gulang, at 106 na mga indibidwal na higit sa 55 taong gulang ay nakatanggap ng dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine, Bivalent[4].

**ANO ANG MGA BENEPISYO NG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?**
Awtorisado ng FDA ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine na magbigay ng proteksyon laban sa COVID-19.

Ang tagal ng proteksyon laban sa COVID-19 ay kasalukuyang hindi alam.

**ANO ANG MGA PANGANIB NG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?**
Mayroong maliit na pagkakataon na ang bakuna ay maaaring magdulot ng matinding alerhiya. Ang isang matinding alerhiya ay karaniwang nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang isang oras pagkatapos makakuha ng dosis. Para sa kadahilanang ito, maaaring hilingin ng tagapaglaan ng pagbabakuna sa iyong anak na manatili sa lugar kung saan natanggap ng iyong anak ang bakuna para sa pagsubaybay pagkatapos ng pagbabakuna. Ang mga tanda ng isang matinding alerhiya ay maaaring kabilang ang:

- Kahirapan sa paghinga
- Pamamaga ng mukha at lalamunan
- Isang mabilis na tibok ng puso
- Isang masamang pantal sa buong katawan
- Pagkahilo at panghihina

Ang myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) at pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso) ay naganap sa ilang tao na nakatanggap ng mga bakunang mRNA COVID-19. Ang pagkakaroon ng myocarditis at pericarditis kasunod ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay kadalasang nangyayari sa mga kabataang lalaki na 12 hanggang 17 taong gulang. Sa karamihan ng mga indibidwal na ito, nagsimula ang mga sintomas sa loob ng ilang araw pagkatapos ng pagbabakuna. Ang pagkakataon na mangyayari ito ay napakababa. Dapat mong ipatingin kaagad sa doktor kung ang iyong anak ay mayroong alinman sa mga sumusunod na sintomas pagkatapos matanggap ang bakuna, lalo na sa loob ng 2 linggo pagkatapos matanggap ng iyong anak ang isang dosis ng bakuna:

- Pananakit ng dibdib
- Pangangapos sa paghinga o kahirapan sa paghinga
- Mga pakiramdam ng pagkakaroon ng mabilis na tibok, kumakaway, o kumakabog na puso

[4] Ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine, Bivalent ay tumutukoy sa Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine na nag-e-encode sa spike protein ng Orihinal na SARS-CoV-2 at ng Omicron BA.4/BA.5 SARS-CoV-2. Ang bakunang ito ay hindi na awtorisadong gagamitin sa Estados Unidos.

Ang mga karagdagang sintomas, lalo na sa mga bata, ay maaaring kabilang ang:

- Nahihimatay
- Hindi karaniwan at patuloy na pagkamayamutin
- Hindi karaniwan at patuloy na di-wastong pagkain
- Hindi karaniwan at patuloy na pagkapagod o kakulangan ng enerhiya
- Patuloy na pagsusuka
- Patuloy na pananakit sa tiyan
- Hindi karaniwan at patuloy na malamig at maputlang balat

Ang mga masamang epekto na naiulat ukol sa mga Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine ay kinabibilangan ng:

- Mga Matinding alerhiya
- Mga hindi matinding alerhiya tulad ng pantal, pangangati, pamamantal, o pamamaga ng mukha
- Myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso)
- Pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso)
- Pananakit/panlalambot sa lugar ng iniksiyon
- Pagod
- Sakit ng ulo
- Sakit sa kalamnan
- Panginginig
- Pananakit ng kasukasuan
- Lagnat
- Pamamaga ng lugar ng iniksyon
- Pamumula ng lugar ng iniksyon
- Pagduruwal
- Masama ang pakiramdam
- Namamaga na mga lymph node (lymphadenopathy)
- Pagbaba ng ganang kumain
- Pagtatae
- Pagsusuka
- Sakit sa braso
- Nahihimatay kasabay ng pagturok ng bakuna
- Pagkahilo
- Pagkamayamutin
- Mga Febrile seizure (kombulsyon habang nilalagnat)

Maaaring hindi ito ang lahat ng mga posibleng masamang epekto. Maaaring mangyari ang mga malubha at hindi-inaasahang masamang epekto. Pinag-aaralan pa ang mga posibleng masamang epekto.

**ANO ANG DAPAT KONG GAWIN TUNGKOL SA MGA MASAMANG EPEKTO?**

Kung ang iyong anak ay nakakaranas ng matinding alerhiya, tumawag sa 9-1-1, o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Tawagan ang tagapaglaan ng pagbabakuna o tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak kung siya ay may anumang mga masamang epekto na

nakakaabala sa kanya o hindi nawawala.

Iulat ang mga masamang epekto ng bakuna sa FDA/CDC Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Ang toll-free na numero ng VAERS ay 1-800-822-7967 o mag-ulat online sa https://vaers.hhs.gov/reportevent.html. Pakisama ang "Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (2024-2025 na Pormula) EUA" sa unang linya ng kahon #18 ng porma sa ulat.

Bilang karagdagan, maaari kang mag-ulat ng mga masamang epekto sa Pfizer Inc. gamit ang impormasyon sa pagkontak na ibinigay sa ibaba.

| Website | Numero ng fax | Numero ng telepono |
| --- | --- | --- |
| www.pfizersafetyreporting.com | 1-866-635-8337 | 1-800-438-1985 |

**PAANO KUNG MAGPASIYA AKO NA HINDI KUMUHA ANG AKING ANAK NG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?**
Sa ilalim ng EUA, may opsyon na tanggapin o tanggihan ang pagtanggap ng bakunang ito. Kung magpasiya kang huwag tanggapin ng iyong anak ang bakunang ito, hindi nito babaguhin ang karaniwang medikal na pangangalaga.

**MAY IBA BANG MGA BAKUNA PARA SA PAG-IWAS NG COVID-19 BUKOD SA PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE?**
Maaaring makukuha sa ilalim ng EUA ang iba pang mga bakuna para maiwasan ang COVID-19, kabilang ang mga bakunang nag-e-encode sa spike protein ng SARS-CoV-2 Omicron variant lineage KP.2.

**MAKAKATANGGAP BA ANG AKING ANAK NG PFIZER-BIONTECH COVID-19 VACCINE KASABAY NG IBANG MGA BAKUNA?**
Kung pinag-iisipan mo na tanggapin ng iyong anak ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine kasama ng iba pang mga bakuna, talakayin ang mga opsyon sa tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

**PAANO KUNG ANG AKING ANAK AY IMMUNOCOMPROMISED?**
Ang mga indibidwal na immunocompromised na 6 na buwan hanggang 11 taong gulang ay maaaring makatanggap ng mga karagdagang dosis ng Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine (tingnan kung **PAANO IBINIGAY ANG BAKUNA?** sa itaas).

Maaaring hindi magbigay ng buong imyunidad sa COVID-19 ang mga pagbabakuna sa mga taong immunocompromised; samakatuwid, dapat patuloy na panatilihin ng iyong anak ang mga pisikal na pag-iingat upang makatulong na maiwasan ang COVID-19. Ang mga malapit na kontak ng iyong anak ay dapat mabakunahan kung naaangkop.

**ANO ANG TUNGKOL SA PAGBUBUNTIS O PAGPAPASUSO?**
Kung ang iyong anak ay buntis o nagpapasuso, talakayin ang mga opsyon sa tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong anak.

**MAGBIBIGAY BA ANG BAKUNANG ITO NG COVID-19 SA AKING ANAK?**
Hindi. Ang bakunang ito ay hindi naglalaman ng SARS-CoV-2 at hindi maaaring magbigay ng COVID-19 sa iyong anak.

**KARAGDAGANG IMPORMASYON**
Kung mayroon kang mga katanungan, bisitahin ang website o tawagan ang numero ng telepono na ibinigay sa ibaba.

Upang ma-access ang pinakabagong Mga Fact Sheet, mangyaring i-scan ang QR code na ibinigay sa ibaba.

| Global website | Numero ng telepono |
|---|---|
| www.cvdvaccine.com | 1-877-829-2619<br>(1-877-VAX-CO19) |

**PAANO MADAGDAGAN ANG AKING NALALAMAN?**
- Magtanong sa tagapaglaan ng pagbabakuna.
- Bisitahin ang CDC sa https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/index.html.
- Bisitahin ang FDA sa https://www.fda.gov/emergency-preparedness-and-response/mcm- legal-regulatory-and-policy-framework/emergency-use-authorization.
- Kontakin ang iyong lokal o estadong kagawaran ng pampublikong kalusugan.

**SAAN ITATALA ANG IMPORMASYON SA PAGBABAKUNA?**
Maaaring isama ng tagapaglaan ng pagbabakuna ang impormasyon ng pagbabakuna ng iyong anak sa Immunization Information System (IIS) ng iyong estado/lokal na hurisdiksyon o iba pang itinalagang sistema. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga IIS, bisitahin ang: https://www.cdc.gov/vaccines/programs/iis/about.html.

**ANO ANG COUNTERMEASURES INJURY COMPENSATION PROGRAM?**
Ang Countermeasures Injury Compensation Program (CICP) ay isang pederal na programa na maaaring makatulong sa pagbabayad ng mga gastos sa medikal na pangangalaga at iba pang partikular na gastusin ng ilang partikular na tao na malubhang napinsala ng ilang partikular na gamot o bakuna, kabilang ang bakunang ito. Sa pangkalahatan, ang isang claim ay dapat isumite sa CICP sa loob ng isang (1) taon mula sa petsa ng pagtanggap ng bakuna. Upang madagdagan ang nalalaman tungkol sa programang ito, bisitahin ang www.hrsa.gov/cicp/ o tumawag sa 1-855-266-2427.

**ANO ANG AWTORISASYON SA PANG-EMERHENSIYANG PAGGAMIT (EUA)?**
Ginawang available ng FDA ang Pfizer-BioNTech COVID-19 Vaccine sa ilalim ng mekanismo na pag-access sa oras ng emerhensiya na tinatawag na EUA. Ang isang EUA ay sinusuportahan ng isang deklarasyon ng Kalihim ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Health and Human Services, HHS) na mayroong mga pangyayari upang bigyang-katwiran ang pang-emerhensiya na paggamit ng mga gamot at biyolohikal na produkto sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Ang isang produktong awtorisado para sa pang-emerhensiyang paggamit ay hindi sumailalim sa parehong uri ng repaso ng FDA bilang isang produkto na inaprubahan ng FDA.

Maaaring mag-isyu ang FDA ng EUA kapag natugunan ang ilang pamantayan, na kinabibilangan ng walang sapat, naaprubahan, at magagamit na mga alternatibo. Bilang karagdagan, ang pasiya ng FDA ay nakabatay sa kabuuan ng siyentipikong ebidensyang magagamit na nagpapakita na ang produkto ay maaaring maging epektibo upang maiwasan ang COVID-19 sa panahon ng pandemya ng COVID-19 at na ang kilala at potensyal na mga benepisyo ng produkto ay mas malaki kaysa sa alam at potensyal na mga panganib ng produkto. Ang lahat ng pamantayang ito ay dapat matugunan upang payagan ang produkto na magamit sa ilalim ng EUA sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

Ang EUA ay may bisa ayon sa tagal ng deklarasyon ng COVID-19 EUA na nagbibigay-katwiran sa pang-emerhensiyang paggamit ng produktong ito, maliban kung winakasan o binawi (pagkatapos nito ay maaaring hindi na gamitin ang produkto sa ilalim ng EUA).

BIONTECH

Ginawa para sa
BioNTech Manufacturing GmbH
An der Goldgrube 12
55131 Mainz, Germany

Pfizer

Ginawa ng
Pfizer Inc., New York, NY 10001

LAB-1572-3.5c

Rebisado: Agosto 22, 2024

I-scan upang makuha na ang Fact Sheet na ito ay ibinigay sa tatanggap ng bakuna para sa mga elektronikong medikal na talaan/sistema ng impormasyon sa pagbabakuna.

GDTI: 0886983000585